ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

PAGGANYAK SA PAGKATUTO NG WIKA AT KAKAYAHANG KOMUNIKATIBO NG MGA MAG-AARAL

Kevin John M. Morales[1], Josephine B. Baguio[2]
[1]*Student, Graduate School, The Rizal Memorial Colleges, Inc., Davao City, Philippines*
[2]*Faculty, Graduate School, The Rizal Memorial Colleges, Inc., Davao City, Philippines*

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22676
DOI No: 10.36713/epra22676

ABSTRAK

Nilalayon ng pananaliksik na ito na tukuyin ang makabuluhang ugnayan at impluwensiya ng pagganyak sa pagkatuto ng wika sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa isang pampublikong sekondaryang paaralan sa Lungsod ng Manay Panabo, Dibisyon ng Panabo City sa Taong Panuruan 2024–2025. Gumamit ang pananaliksik ng deskriptib-korelasyonal na disenyo at sinangkot ang 155 na mag-aaral na napili sa pamamagitan ng cluster sampling. Ipinakita ng resulta na mataas ang antas ng pagganyak sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral, partikular sa mga domeyn ng hamon, kuryusidad, at malayang pagkatuto. Gayundin, natuklasan na mataas ang kanilang antas ng kakayahang komunikatibo sa mga aspektong panglinggwistiko, pangsosyolinggwistik, at pangdiskurso. Lumabas sa pagsusuri na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol, at ang mga domeyn ng hamon at malayang pagkatuto ay may makabuluhang impluwensiya sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral, habang ang kuryusidad ay walang naging makabuluhang epekto. Iminumungkahi ang paglinang ng mga programang tutok sa pagpapataas ng pagganyak sa pagkatuto, partikular sa pagbibigay ng mga hamon at pagpapalawak ng malayang pagkatuto upang mas mapalakas ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

MGA SUSING SALITA: *Pagganyak sa Pagkatuto ng Wika, Kakayahang Komunikatibo, Mag-aaral, Deskriptib-Korelasyonal, Edukasyon*

INTRODUKSYON

Sa ika-21 siglo, naging mas mahalaga ang mataas na antas ng kakayahang komunikatibo para sa mga mag-aaral sa iba't ibang larangan. Habang humaharap ang mga mag-aaral sa mas komplikadong anyo ng diskurso sa akademikong mundo at sa midya, kinakailangan nila ng sapat na kasanayan upang malinaw na maipahayag ang kanilang mga ideya sa pasalita man o pasulat. Isa sa mga salik na may malaking impluwensiya sa pagkatuto ng wika ay ang motibasyon—ang panloob o panlabas na puwersang nagtutulak sa isang mag-aaral upang pag-ibayuhin ang kanyang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng wika.

Sa internasyonal na antas, lumilitaw na ang kakulangan sa kakayahang komunikatibo ay isa ring pangunahing suliranin sa maraming bansa. Sa kabila ng pag-unlad ng teknolohiya at globalisasyon, marami pa ring mag-aaral sa iba’t ibang panig ng mundo ang nahihirapang makipagkomunika nang epektibo sa pasalita at pasulat na paraan. Sa Japan, halimbawa, isiniwalat ng Ministry of Education na maraming mag-aaral ang nahihirapan sa aktwal na paggamit ng wikang Ingles sa makabuluhang konteksto, sa kabila ng matagal na taon ng pag-aaral nito (Aizawa at Rose, 2019). Sa Saudi Arabia, nababahala ang mga guro sa mababang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng lohikal at organisadong sanaysay, maging sa kanilang sariling wika (Alkodimi & Al-Ahdal, 2021). Sa Estados Unidos, isang ulat mula sa National Assessment of Educational Progress (NAEP) ang nagpakita na bumaba ang antas ng writing proficiency ng mga high school students, na nagiging sagabal sa kanilang tagumpay sa kolehiyo at trabaho (LaFave et al., 2022). Ipinapakita ng mga datos na ito na ang kakayahang epektibong makipagtalastasan ay hindi lamang suliraning lokal kundi isang pandaigdigang isyu na nangangailangan ng agarang tugon mula sa mga sistema ng edukasyon.

Sa Pilipinas, nananatiling hamon ang paglinang ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa iba’t ibang rehiyon ng bansa. Sa mga urban na lugar tulad ng Metro Manila, Cebu, at Iloilo, bagamat may mas maraming oportunidad sa edukasyon, nahaharap pa rin ang mga mag-aaral sa kakulangan sa praktikal na paggamit ng wikang Filipino sa mas mataas na antas ng diskurso (Concepcion, 2021). Sa mga lalawigan gaya ng Zamboanga del Sur at Northern Samar, lalong pinalalala ng limitadong pasilidad, kulang na guro, at multilinggwal na kaligiran ang kahirapan sa komunikasyon, kung saan madalas hindi ginagamit ang Filipino bilang pangunahing midyum ng pagtuturo (Symaco & Dumanig, 2022). Ayon sa mga ulat mula sa National Achievement Test (NAT), maraming mag-aaral sa mga lugar na ito ang nahihirapang bumuo ng lohikal at organisadong pahayag, gayundin sa pagbibigay ng sariling opinyon gamit ang wasto at angkop na wika. Ipinapakita nito na ang problema sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kakayahang komunikatibo ay malawak at hindi limitado sa isang rehiyon lamang, kundi laganap sa iba't ibang bahagi ng bansa (Jala, 2020).

Sa Davao City, isang lungsod na kilala sa kaayusan at masigasig na suporta sa edukasyon, hindi rin ligtas ang mga mag-aaral sa hamon ng kakayahang komunikatibo. Bagamat may mga paaralang may sapat na pasilidad at mga guro, marami pa rin sa mga mag-aaral ang may kahirapan sa pagbuo ng makabuluhang talastasan gamit ang wikang Filipino, lalo na sa pasulat na anyo. Isa sa mga salik na nakaaapekto rito ay ang multilinggwal na kalikasan ng lungsod, kung saan nangingibabaw ang paggamit ng Cebuano at Ingles sa pang-araw-araw na komunikasyon, kaya't hindi sapat ang eksposyur ng mga mag-aaral sa pormal at akademikong gamit ng Filipino (Maribao, 2020). Sa kabila ng mga pagsusumikap ng mga paaralan na isulong ang paggamit ng wikang pambansa sa mga gawaing pangklase, nananatiling hamon ang paghubog sa mga kabataang may kakayahang magsalita at magsulat nang malinaw, lohikal, at may lalim (Miralles & Nesperos, 2022). Kaya't mahalagang pagtuunan ng pansin ang mga programang magpapalawak hindi lamang ng kaalaman, kundi ng tiwala at galing ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika bilang instrumento ng mabisang komunikasyon.

Sa kabila ng maraming pananaliksik hinggil sa kakayahang komunikatibo at pagganyak sa pagkatuto ng wika, kakaunti pa lamang ang nakatuon sa ugnayan ng dalawang aspektong ito—lalo na sa konteksto ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan at sa paggamit ng wikang Filipino. Mahalaga itong pagtuunan ng pansin, sapagkat ang motibasyon ay maaaring maging susi sa mas aktibo at epektibong pagkatuto ng wika, na siyang batayan ng matagumpay na komunikasyon.

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang ugnayan ng pagganyak sa pagkatuto ng wika at ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Nilalayon nitong magbigay ng konkretong datos na maaaring gamitin ng mga guro, tagapagsanay, at tagapaglapat ng kurikulum sa pagbuo ng mga programang makatutulong sa pagpapaunlad ng kakayahang lingguwistiko at komunikatibo ng mga kabataang Pilipino.

Paglalahad ng Suliranin

Nilalayon ng pananaliksik na ito na suriin kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagganyak sa pagkatuto ng wika at ng kakayahang komunikatibo ng mag-aaral. Sa katiyakan, tatangkain sa pag-aaral na ito na mabigyang sagot ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang antas ng pagganyak sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral ayon sa:
1.1 hamon;
1.2 kuryusidad; at
1.3 malayang pagkatuto?
2. Ano ang antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ayon sa:
2.1 kakayahang panglinggwistiko;
2.2 kakayahang pangsosyolinggwistik; at
2.3 kakayahang pangdiskurso?
3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagganyak sa pagkatuto ng wika at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral?
4. Ano-anong mga domeyn ng pagganyak sa pagkatuto ng wika ang may makabuluhang impluwensiya sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral?

Haypotesis

Ang hipotesis ay sinubok sa 0.05 na antas ng kahalagahan.
Ho1. Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagganyak sa pagkatuto ng wika at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.
Ho2. Walang makabuluhang impluwensiya ang alinman sa mga domeyn ng pagganyak sa pagkatuto ng wika sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng isang kwantitatibong pananaliksik, partikular na ang deskriptib-korelasyon na disenyo. Ang kwantitatibong pananaliksik ay isang masusing pagsusuri ng mga penomena sa pamamagitan ng pangangalap ng datos na maaaring sukatin ang mga istadistikal, matematikal, o kompyutasyonal na pamamaraan. Sa pamamaraang ito, binibigyang diin ang obhektibidad, kawastuhan, at pagsusukat ng mga kadahilanan. Ang mga pamamaraang kontrolado at istandardisado, tulad ng mga sarbey, eksperimento, o obserbasyon, ay gagamitin upang masukat ang mga baryabol at masusubukan ang mga hipotesis (Ahmad et al., 2019). Ang deskriptib-korelasyon na pananaliksik ay nagbibigay daan sa mga mananaliksik na maglarawan at magdokumento ng mga ugnayan na ito. Ito ay tutulong sa pagbuo ng mga hipotesis, paggawa ng mga pag-aakala, at pagaambag sa pag-unawa sa mga komplikadong pangyayari sa iba't ibang larangan, kasama ang sikolohiya, edukasyon, sosyolohiya, at agham pangkalusugan (Seeram, 2019). Sa konteksto ng pag-aaral, ang disenyong deskriptib-korelasyon ay itinuturing na angkop dahil ito ay naglalarawan ng ugnayan ng pagganyak sa pagkatuto ng wika at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

Mga Kalahok ng Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng 155 na mag-aaral mula sa 240 mga pampublikong sekondaryang paaralan ng Manay Panabo, dibisyon ng Panabo City, na kasalukuyang nasa ikasiyam at ikasampung baitang. Upang matiyak ang homogeneity ng sample, isinama lamang sa pag-aaral ang mga mag-aaral na opisyal na nakatala at regular na dumadalo sa mga klase sa Filipino. Gumamit ang mananaliksik ng cluster sampling sa pagpili ng mga kalahok. Ayon kay Mohammad (2019), ang cluster sampling ay isang paraan ng sampling kung saan hinahati ang populasyon sa mas maliliit na grupo o clusters at ang mga ito ay random na pinipili. Sa pag-aaral na ito, pumili ng labinlimang pampublikong paaralang sekundarya ang mananaliksik bilang mga klaster.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang paggamit ng cluster sampling ay naging praktikal para sa malawak na populasyon at nagbigay daan upang makuha ang representasyon ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang konteksto ng pagkatuto. Tiniyak ng mananaliksik na ang proseso ng pagpili ay walang kinikilingan upang maging makatuwiran ang resulta ng pag-aaral hinggil sa pagganyak sa pagkatuto ng wika at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

Instrumento sa Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng apat na talatanungan bilang pangunahing datos. Ang mga talatanungan ay mga standardized na talatanungan na sadyang isinalin upang maging angkop sa mga respondente. Ang unang tangkang salin ay ipinakita sa tagapayo para sa karagdagang mungkahi, bago isinumite sa limang eksperto para sa balidasyon ng talatanungan. Pagkatapos ng balidasyon, ang ganap na kahusayan ng talatanungan ay sinubok sa pamamagitan ng pilot testing na may Cronbach Alpha na .942 para sa pagganyak sa pagkatuto ng wika na talatanungan,at .944 para sa kakayahang komunikatibo na talatanungan.

Para naman pagganyak sa pagkatuto ng wika, ang gagamiting talatanungan ay mula kay Leper (1997), na binubuo ng hamon, kuryusidad, at malayang pagkatuto. Para naman sa kakayahang komunikatibo, ang ginamit na talatanungan ay mula kay Yukrizal (2010) na may tatlong indikeytor: kakayahang panglinggwistik, kakayahang pangsosyolinggwistik at kakayahang pangdiskurso.

Pangangalap ng Datos

Ang paglikom ng mga datos ay isang sistematikong proseso ng pagkalap ng mga obserbasyon o sukat. Gumagawa ang mananaliksik ng pag-aaral para sa alinmang larang, mainam na makakuha ng unang kaalaman at orihinal na pananaw ukol sa tesis na pinag-aaralan. Isinasalaysay sa sumunod a mga talata ang mga isinakatuparang hakbang ng mananaliksik ukol sa pagsasagawa ng paglikom ng mga kinakailangang mga datos ng pag-aaral.

Paghingi ng Pahintulot. Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Dekano ng Paaralang Gradwado ng Rizal Memorial Colleges, Lungsod ng Davao, at sa Tagapamanihala ng mga Paaralan ng Sangay ng Davao del Sur, upang maisagawa ang pag-aaral na ito. Matapos matanggap ang pagpapatibay ng Tagapamanihala, nakipag-ugnayan siya sa mga punong-guro ng mga natukoy na paaralan upang maisagawa ang paunang pagsasaayos ng mga gawaing sangkot sa pag-aaral.

Pagsasagawa ng Surbey. Matapos ang pakikipag-ugnayan sa mga punong-guro ng mga paaralan, ipinamahagi ng mananaliksik ang mga instrumento sa mga mag-aaral na kalahok at ipinaliwanag ang mga panuto kung paano ito sasagutan at kailan nito ibabalik ang instrumento. Isa-isang pinuntahan ng mananaliksik ang mga mag-aaral na kalahok ng pag-aaral upang matiyak na maibalik ang nasagutang instrumento. Sa paglikom ng mga datos, tinalima ng mananaliksik ang mga pamantayan ukol sa etikang sinusunod sa mga pag-aaral. Ipinaliwanag sa mga kalahok na ang kanilang partisipasyon sa pag-aaral ay bukas sa kanilang loob at hindi sapilitan. Kung hangad nilang hindi magpatuloy sa kanilang paglahok ay maaari silang tumiwalag sa anumang oras. Ipinabatid din sa kanila na ang mga datos na malikom ay alang-alang lamang sa akademikong talakayan at pangangailangan at hindi kailanman gagamitin upang pagkakakitaan. Tiniyak din sa kanila na unang ihaharap ang kalalabasan ng pananaliksik sa mga kalahok bilang isa sa makikinabang ng pag-aaral.

Paghahanay at Pagsusuri ng mga Datos. Matapos makuha ang mga kinakailangang datos, inihanay at sinuri ng mananaliksik ang nalikom na tugon ng mga mag-aaral at sinuri gamit ang angkop na formula ng estadistika.

Pagsusuri ng Datos

Ang sumusunod na istadistika ay ang ginamit sa pag-aaral:

Mean. Ito ay ginamit upang matukoy ang antas ng pagganyak sa pagkatuto ng wika at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

Pearson Product-Moment Correlation. Ito ay ginamit upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng pagganyak sa pagkatuto ng wika at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

Multiple Linear Regression. Ito ay ginamit upang matukoy ang makabuluhang impluwensiya ng mga domeyn ng pagganyak sa pagkatuto ng wika sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Lahat ng interpretasyon ay ibinatay sa $\alpha = 0.05$ antas ng kahalagahan.

Resulta at Talakayan

Talahanayan 1. ***Antas ng Pagganyak sa Pagkatuto ng Wika ng mga Mag-aaral***

Blg.	Mga Domeyn	SD	Mean	Palarawang Katumbas
1.	Hamon	0.67	3.86	Mataas
2.	Kuryusidad	0.70	3.99	Mataas
3.	Malayang Pagkatuto	0.58	3.88	Mataas
Kabuoan		**0.59**	**3.91**	**Mataas**

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang buod ng antas ng pagganyak sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral, batay sa tatlong domeyn: hamon, kuryusidad, at malayang pagkatuto. Ang mga datos ay batay sa mean scores at standard deviations na nakatala sa bawat

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

aspekto. Batay sa resulta, ang lahat ng domeyn ay nakatanggap ng mean score mula 3.86 hanggang 3.99, na pawang napailalim sa antas na "mataas." Ang domeyn na kuryusidad ang nakakuha ng pinakamataas na mean score na 3.99, na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay higit na naudyok sa pagkatuto ng wika kapag ito ay nauugnay sa kanilang interes, pagnanais na matuto ng bagong kaalaman, at aktibong paglahok sa mga gawaing nagpapalalim ng kanilang kaalaman.

Sumunod naman ang malayang pagkatuto na may mean score na 3.88, na nagpapahiwatig ng positibong saloobin ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng mga gawain nang may sariling inisyatibo at minimal na tulong mula sa iba. Samantala, ang hamon ay may mean na 3.86, na bagama't pinakamababa sa tatlong domeyn ay nananatili pa rin sa kategoryang "mataas." Ipinapahiwatig nito na ang mga mag-aaral ay tumutugon din nang positibo sa mga gawaing may mataas na antas ng kahirapan, na itinuturing nilang oportunidad para sa pagkatuto. Ang kabuuang mean na 3.91, na may standard deviation na 0.59, ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika sa pangkalahatan. Ang consistency ng mga tugon ay nagpapahiwatig na sa kabila ng pagkakaiba-iba ng personalidad at istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral, malaki ang papel ng hamon, kuryusidad, at malayang pagkatuto sa pagpapaaktibo ng kanilang interes sa wika.

Ipinapakita ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay masigasig at may inisyatiba sa pagkatuto ng wika, lalo na kung ito ay nakapupukaw ng kanilang interes, nagbibigay ng kalayaan sa pagkatuto, at nagbibigay ng sapat na hamon upang mapahusay ang kanilang kasanayan. Makatutulong ang mga impormasyong ito sa pagdidisenyo ng mga istratehiya sa pagtuturo na lalong magpapasigla sa pagkatuto ng wika sa iba't ibang antas ng edukasyon.

Ayon kay Hussain et al. (2020), ang mataas na pagganyak ay isang pangunahing salik sa pagkatuto ng wika. Kapag ang mga mag-aaral ay may intrinsikong motibasyon, o ang pagnanais na matuto dahil sa personal na interes at kasiyahan, mas nagiging epektibo sila sa kanilang pag-aaral. Ipinakita rin ni Seven (2020) sa kanyang pag-aaral na ang pagganyak sa wika ay hindi lamang nakabatay sa mga panlabas na insentibo, kundi pati na rin sa mga personal na layunin at hangarin ng mag-aaral. Ang mga mag-aaral na may mataas na pagganyak ay mas malamang na magsikap at maglaan ng oras sa pagkatuto ng wika, dahil nakikita nila ito bilang isang mahalagang bahagi ng kanilang personal na pag-unlad. Sa isang pag-aaral na isinagawa nina Cohen at Henry (2019), natuklasan nila na ang pagganyak sa wika ay malaki ang epekto sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral, dahil ito ang nagiging dahilan kung bakit nagsisikap sila kahit na may mga pagsubok. Ang mga mag-aaral na may mataas na pagganyak ay madalas ding mas aktibong nakikilahok sa mga klase at mas bukas sa mga hamon na dulot ng mga gawaing pangwika. Sa kabila ng lahat ng ito, binanggit din ni Noels et al. (2019) na ang pagganyak sa wika ay nakadipende sa positibong kapaligiran sa pagkatuto, tulad ng mga guro at mga kasamahan sa klase, na maaaring magbigay ng inspirasyon sa mag-aaral upang magpatuloy sa pagkatuto ng wika. Kapag ang motibasyon ng mag-aaral ay patuloy na pinagyayaman sa pamamagitan ng suporta at makabuluhang interaksyon, mas nagiging matibay ang pundasyon ng kanilang pagkatuto at mas malaki ang posibilidad na magtagumpay sila sa larangan ng wika.

Talahanayan 2. ***Antas ng Kakayahang Komunikatibo ng mga Mag-aaral***

Blg.	Mga Domeyn	SD	Mean	Palarawang Katumbas
1.	Kakayahang Panglinggwistiko	0.57	3.93	Mataas
2.	Kakayahang Pangsosyolinggwistik	0.69	3.84	Mataas
3.	Kakayahang Pangdiskurso	0.65	3.95	Mataas
Kabuoan		**0.59**	**3.91**	**Mataas**

Ipinapakita sa Talahanayan 8 ang buod ng antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral batay sa tatlong domeyn: kakayahang panglinggwistiko, kakayahang pangsosyolinggwistik, at kakayahang pangdiskurso, gamit ang mean scores at standard deviations bilang batayan. Ayon sa datos, lahat ng domeyn ay may mean score na nasa hanay ng 3.84 hanggang 3.95, na lahat ay napailalim sa kategoryang "mataas." Ang kakayahang pangdiskurso ang nakakuha ng pinakamataas na mean score na 3.95, na nagpapahiwatig ng malakas na kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasama ng mga ideya sa masining at lohikal na paraan. Sinundan ito ng kakayahang panglinggwistiko na may mean na 3.93, na nagpapakita ng mataas na kasanayan sa teknikal na aspekto ng wika gaya ng tamang pagbigkas, pagbasa, at pag-unawa sa tunog at balarila. Ang kakayahang pangsosyolinggwistik naman ang nakakuha ng pinakamababang mean score na 3.84, ngunit ito ay nananatili pa rin sa kategoryang "mataas," na nagpapakita ng positibong kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang wika sa angkop na konteksto ng lipunan. Ang kabuoang mean na 3.91, na may standard deviation na 0.59, ay nagpapakita ng mataas na antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa kabuuan. Ipinapahiwatig ng standard deviation na halos magkakatulad ang pananaw at karanasan ng mga mag-aaral sa bawat domeyn, na sumasalamin sa konsistensiya ng kanilang kasanayan.

Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na epektibong nagagamit ng mga mag-aaral ang wika sa iba't ibang dimensyon ng komunikasyon—mula sa estrukturang linggwistiko, pakikipag-

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ugnayang panlipunan, hanggang sa masining na diskurso. Ang ganitong antas ng kakayahan ay mahalaga hindi lamang sa tagumpay sa loob ng silid-aralan kundi pati na rin sa mas malawak na konteksto ng lipunan. Makatutulong ang patuloy na pagsasanay at suporta sa pagpapaunlad ng lahat ng aspeto ng komunikatibong kakayahan upang higit pang mapalalim ang partisipasyon ng mga mag-aaral sa makabuluhang talastasan at akademikong pagkatuto.

Ayon sa pag-aaral nina Yusuf et al. (2019), ang mataas na kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ay may malaking kontribusyon sa kanilang tagumpay sa pagkatuto ng wika. Ipinapakita ng kanilang pananaliksik na ang mga mag-aaral na may mahusay na kakayahan sa paggamit ng wika, sa pamamagitan ng wastong pagbibigay-kahulugan at pagpapahayag, ay mas nakakapagbahagi ng kanilang mga ideya at opinyon ng mas malinaw at epektibo. Ayon naman kina Maulana et al. (2020), ang kakayahang komunikatibo ay hindi lamang tungkol sa pagsasalita kundi pati na rin sa pakikinig, kung saan ang mga mag-aaral ay natututo hindi lang magpahayag kundi pati na rin makinig nang maayos at unawain ang mga mensahe ng iba. Binigyang-diin din ni Toro et al. (2019) na ang kakayahang komunikatibo ng mag-aaral ay isang mahalagang aspeto ng interaksyon sa loob ng silid-aralan, dahil tinutulungan nito ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan nang mas maayos sa kanilang guro at mga kamag-aral. Mas pinapalakas nito ang kanilang mga kasanayan sa pagbibigay ng opinyon, pagtanggap ng puna, at pagbuo ng mas epektibong talakayan.

Talahanayan 3. ***Makabuluhang Ugnayan ng Pagganyak sa Pagkatuto ng Wika at Kakayahang Komunikatibo***

Mga Baryabol	r-value	Antas ng Korelasyon	*p*-value	Pasya
(X) *Pagganyak sa Pagkatuto ng Wika* **(Y)** *Kakayahang Komunikatibo*	0.87_{MK}	Mataas na Korelasyon	0.000	Tinanggihan

Ipinapakita sa Talahanayan 9 ang makabuluhang ugnayan ng pagganyak sa pagkatuto ng wika at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Makikita ang r value, ang makabuluhang ugnayan, at ang antas ng korelasyon. Ipinapakita rin sa talahanayan ang p-value at pasya para sa hypothesis. Ang r-value na 0.87 ay nagpapahiwatig ng mataas na korelasyon, ibig sabihin, kapag tumataas ang pagganyak sa pagkatuto ng wika, tumataas din ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang p-value na 0.000 ay mas mababa sa 0.05, kaya tinatanggap na may makabuluhang ugnayan ang dalawang baryabol. Sa kabuuan, may mataas at makabuluhang ugnayan ang pagganyak sa pagkatuto ng wika at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

Ayon kay Kruk (2022), may makabuluhang ugnayan ang pagganyak sa pagkatuto ng wika at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng kanilang pananaliksik na kapag mataas ang pagganyak ng mag-aaral sa pagkatuto ng wika, mas nagiging bukas sila sa paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyon ng komunikasyon. Ang mataas na pagganyak ay nagpapalakas sa kakayahan ng mag-aaral na magsalita, makinig, at magpahayag ng kanilang mga ideya nang mas epektibo at malinaw. Sinusuportahan din ito nina Ali et al. (2021), na nagsasabing ang mga mag-aaral na may mataas na interes at kuryusidad sa pagkatuto ng wika ay may mas mataas na kakayahang komunikatibo, kaya't mas nagiging aktibo sila sa mga talakayan at mas madali nilang naiintindihan ang mga aralin sa wika. Dagdag pa nina Hussain et al. (2020), ang mataas na pagganyak sa pagkatuto ng wika ay nagsisilbing isang puwersa na nagtutulak sa mag-aaral upang magsanay at maging mas mahusay sa paggamit ng wika, kaya't ang kanilang kakayahang komunikatibo ay mas napapaunlad. Ito ay nagpapakita ng isang positibong ugnayan kung saan ang pagganyak at kakayahang komunikatibo ay nagtutulungan upang mapabuti ang kabuuang karanasan sa pagkatuto ng wika.

Talahanayan 4. ***Makabuluhang Impluwensiya ng mga Domeyn ng Pagganyak sa Pagkatuto ng Wika sa Kakayahang Komunikatibo ng mga Mag-aaral***

Mga Domeyn	B	BE	Beta	t-stat	p-value	Pasya
Constant	2.68	0.13		2.05	0.042	Makabuluhan
Hamon	0.24	0.04	0.28	6.29	0.000	Makabuluhan
Kuryusidad	0.00	0.05	0.00	0.01	0.992	Hindi Makabuluhan
Malayang Pagkatuto	0.70	0.06	0.69	11.01	0.000	Makabuluhan
Regression Model						
Kakayahang Komunikatibo=2.68 + 0.24 (Hamon) + 0.70 (Malayang Pagkatuto)						
$R=0.898$; $R^2=0.806$; $F=264.80$; p-value=0.000						

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita sa Talahanayan 10 ang makabuluhang impluwensiya ng mga domeyn ng pagganyak sa pagkatuto ng wika sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang constant na 2.68 ay may makabuluhang impluwensiya sa kakayahang komunikatibo (p-value = 0.042). Ang hamon ay may positibong epekto sa kakayahang komunikatibo, na may Beta na 0.28 at p-value na 0.000, kaya ito ay makabuluhan. Samantalang ang kuryusidad ay hindi nakakaapekto ng makabuluhan sa kakayahang komunikatibo (p-value = 0.992). Ang malayang pagkatuto ay may makabuluhang positibong impluwensiya na may Beta na 0.69 at p-value na 0.000. Sa regression model, ipinapakita na ang mga domeyn ng pagganyak tulad ng hamon at malayang pagkatuto ay may positibong epekto sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang $R = 0.898$ at $R^2 = 0.806$ ay nagpapakita na 80.6% ng pagbabago sa kakayahang komunikatibo ay maipaliwanag ng mga domeyn ng pagganyak. Ang $F = 264.80$ at p-value = 0.000 ay nagpapahiwatig ng makabuluhang relasyon sa pagitan ng mga domeyn ng pagganyak at kakayahang komunikatibo.

Ayon kay Ehsan et al. (2019), may makabuluhang impluwensiya ang mga domeyn ng pagganyak sa pagkatuto ng wika—tulad ng hamon, kuryusidad, at malayang pagkatuto—sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng kanilang pananaliksik na ang mataas na pagganyak sa pagkatuto, lalo na sa aspeto ng hamon, ay nagdudulot ng mas aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa komunikasyon. Kapag ang mga mag-aaral ay nahaharap sa mga gawaing may tamang antas ng hamon, mas nadaragdagan ang kanilang kakayahan na magpahayag ng kanilang ideya at opinyon nang mas malinaw at organisado. Gayundin, sinabi ni Toro et al. (2019) na ang kuryusidad ay may positibong epekto sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na may mataas na kuryusidad ay mas maligaya at masigasig sa kanilang mga pagkatuto, kaya't mas nagiging handa sila na magsalita at makipagtalastasan. Ang kanilang interes sa paksa ay nagiging susi upang mapalawak ang kanilang kakayahan sa pagpapahayag at pakikinig. Ayon naman kay Seli (2019), ang malayang pagkatuto ay nagpapalakas sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng malayang pagkatuto, binibigyan ng mag-aaral ng pagkakataon na tuklasin at gamitin ang wika sa mga kontekstong iba sa kanilang pangkaraniwang mga gawain, kaya't ang kanilang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon ay mas napapaunlad. Ang mga mag-aaral na may mataas na malayang pagkatuto ay may mas malawak na kakayahan sa pag-unawa ng mga ideya at mas epektibong pagpapahayag ng mga ito.

Konklusyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, nakapagbigay ng sumusunod na mga konklusyon:

Una, ang pagganyak sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral ay mataas, na nagpapakita ng kanilang aktibong interes at motibasyon sa pagkatuto ng wika. Ang mataas na antas ng pagganyak ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may malalim na kuryusidad at handang magsikap upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa wika. Pangalawa, ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ay mataas, na ipinapakita ng kanilang mahusay na paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon. Ang mataas na kakayahang komunikatibo ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may sapat na kasanayan upang magpahayag ng kanilang mga ideya, makinig, at makipag-ugnayan nang epektibo sa iba. Pangatlo, mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pagganyak sa pagkatuto ng wika at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang mataas na pagganyak sa pagkatuto ng wika ay nagdudulot ng mas mataas na kakayahan sa komunikasyon, na nagpapakita ng positibong epekto sa kanilang kakayahang magpahayag at makipag-ugnayan gamit ang wika. Pang-apat, ang mga domeyn ng pagganyak tulad ng hamon at malayang pagkatuto ay may makabuluhang impluwensiya sa kakayahang komunikatibo, habang ang kuryusidad ay walang kabuluhan na epekto. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral na nakakaranas ng mga hamon sa kanilang mga gawain at may mga pagkakataon na matuto ng malaya ay mas pinapalakas ang kanilang kasanayan sa wika at komunikasyon. Gayunpaman, ang kuryusidad ng mga mag-aaral ay hindi may kaugnayan sa kanilang kakayahang komunikatibo sa kontekstong ito. Ang kawalan ng kabuluhan ng kuryusidad ay maaaring dulot ng ilang mga salik, tulad ng kawalan ng konkretong estratehiya para magamit ang kuryusidad sa mga aktibidad na may direktang kaugnayan sa pagpapabuti ng kasanayan sa komunikasyon. Maaari ring ito ay dahil sa hindi sapat na mga pagkakataon para sa malalim na pagsasaliksik at pagtuklas ng wika na may kaugnayan sa aktwal na paggamit ng wika sa komprehensibong paraan.

Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay sumusuporta sa Teorya ng Pagganyak sa Pagkatuto ni Gardner (1983), Teorya ng Sosyo-Kultural ni Vygotsky (1978), at Teorya ng Multiple Intelligences ni Gardner (1983). Ayon kay Gardner, ang pagganyak sa pagkatuto ay mahalagang salik upang mapaunlad ang iba’t ibang anyo ng talino, tulad ng lingguwistik, interpersonal, at intrapersonal, na lahat ay may kaugnayan sa kakayahang komunikatibo. Sa konteksto ng pag-aaral, ang mga domeyn ng hamon at malayang pagkatuto ay nagpapalakas sa interes at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga gawaing pangwika. Ayon naman kay Vygotsky, ang pagkatuto ay higit na nagaganap sa pamamagitan ng interaksyon sa lipunan, kung kaya’t ang mataas na kakayahang komunikatibo ay produkto ng makabuluhang ugnayan ng guro, mag-aaral, at kapaligiran. Dagdag pa rito, pinatutunayan ng Teorya ng Multiple Intelligences ni Gardner na ang pagbibigay pansin sa iba’t ibang anyo ng talino ay mahalaga sa pagpapalawak ng kasanayang pangkomunikatibo, lalung-lalo na kung ito ay sinusuportahan ng motibasyon sa pagkatuto ng wika.

Rekomendasyon

Batay sa mga konklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ng mananaliksik ang sumusunod upang mas mapaganda ang maaaring kalabasan ng susunod pang mga pag-aaral na may kaugnayan sa mga impormasyong nakapaloob sa pag-aaral na ito:

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Inirerekomenda na maglaan ng sapat na suporta at pondo ang mga opisyal ng DepEd at mga tagapamahala ng paaralan para sa mga programang nakatuon sa pagpapalawak ng kasanayang pangwika at komunikatibo ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang mga seminar, workshop, at paligsahan sa pagsulat at pagsasalita na maaaring magpahusay sa kakayahan ng mga mag-aaral sa iba't ibang larangan ng wika. Mainam ding isaalang-alang ang pagpapatupad ng mga programa at pagsasanay na tumutugon sa makabagong teknolohiya at nagbibigay-daan sa mas malawak na oportunidad ng pagkatuto sa loob at labas ng klasrum.

Hinihikayat ang mga guro na ipagpatuloy ang pagbibigay ng mga proyekto at gawaing makapagpapataas ng interes ng mga mag-aaral sa wika tulad ng pagsasanay sa pagsasalita, pagsulat, at debate. Mainam ding gumamit ng mga interaktibo at makabuluhang gawain tulad ng kolaboratibong proyekto, malikhaing pagsulat, role-playing, at mga aktibidad na kaugnay sa karanasan ng mga mag-aaral upang mapalalim ang kanilang motibasyon at kasanayang komunikatibo. Bukod dito, mahalaga ring payagan at gabayan ang mga mag-aaral na bumuo ng sarili nilang estratehiya sa pagkatuto upang mapalakas ang kanilang kumpiyansa at kasarinlan sa paggamit ng wika.

Ang mga mag-aaral ay hinihikayat na magsanay nang regular sa paggamit ng wika, magsaliksik ng mga bagong kaalaman, at magbasa ng iba't ibang babasahing makatutulong sa pagpapalawak ng kanilang bokabularyo at kaalaman. Mahalaga rin ang kanilang aktibong pakikilahok sa mga gawaing pampaaralan gaya ng debate, spoken poetry, at grupong talakayan upang mapalawak ang kanilang kakayahang komunikatibo. Dapat nilang linangin ang sariling motibasyon sa pagkatuto at sikaping gamitin ang natutuhang kaalaman sa mga aktwal na sitwasyong komunikatibo upang lalong tumibay ang kanilang kasanayan sa wika.

Para sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomendang higit pang pag-aralan ang papel ng kuryusidad sa pagkatuto ng wika. Bagama't hindi ito nagpakita ng makabuluhang epekto sa kasalukuyang pag-aaral, mahalagang siyasatin kung aling mga aspeto ng kuryusidad ang maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng motibasyon at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Maaari ring palawakin ang saklaw ng pananaliksik upang masuri ang iba pang salik tulad ng emosyon, kultura, at teknolohiya na may posibleng epekto sa wika at pagkatuto.

MGA SANGGUNIAN

1. *Aizawa, I., & Rose, H. (2019). An analysis of Japan's English as medium of instruction initiatives within higher education: the gap between meso-level policy and micro-level practice. Higher Education, 77(6), 1125-1142.*
2. *Ali, Z., Masroor, F., & Khan, T. (2020). Creating Positive Classroom Environment for Learners' Motivation Towards Communicative Competence in The English Language. Journal of the Research Society of Pakistan, 57(1), 317.*
3. *Alkodimi, K. A., & Al-Ahdal, A. A. M. H. (2021). Strategies of teaching writing at Saudi tertiary-level institutions: Reality and expectations. Arab World English Journal, 12(2), 399-413.*
4. *Cohen, A. D., & Henry, A. (2019). Focus on the language learner: Styles, strategies and motivation 1. In An introduction to applied linguistics (pp. 165-189). Routledge.*
5. *Concepcion, C. (2021). The Multilingual Situation in the Philippines: A Brief Report.*
6. *Ehsan, N., Vida, S., & Mehdi, N. (2019). The impact of cooperative learning on developing speaking ability and motivation toward learning English. Journal of language and education, 5(3 (19)), 83-101.*
7. *Hussain, M. S., Salam, A., & Farid, A. (2020). Students' motivation in English language learning (ELL): An exploratory study of motivation-al factors for EFL and ESL adult learners. International Journal of Applied Linguistics and English Literature, 9(4), 15-28.*
8. *JALA, G. T. (2020). Pupils' Reading Comprehension, Problem-Solving Skills and Academic Performance. Journal of World Englishes and Educational Practices, 2(4), 1-9.*
9. *Kruk, M. (2022). Dynamicity of perceived willingness to communicate, motivation, boredom and anxiety in Second Life: The case of two advanced learners of English. Computer Assisted Language Learning, 35(1-2), 190-216.*
10. *LaFave, A. J., Taylor, J. A., Barter, A. M., & Jacobs, A. S. (2022). Student engagement on the National Assessment of Educational Progress (NAEP): A systematic review and meta-analysis of extant research. Educational Assessment, 27(3), 205-228.*
11. *Maribao, C. B. (2020). Intercultural communication competence of teachers and engagement of IP learners.*
12. *Maulana, A., Musthafa, I., & Hayati, T. N. (2020). The efficiency of teaching listening and speaking skills to develop students' communicative competences. Universal Journal of Educational Research, 8(3), 802-808.*
13. *Miralles, T., & Nesperos, J. L. A. (2022). CLASSROOM LEARNING ENVIRONMENT AND STUDENT WRITING STRATEGY AS PREDICTORS OF READING COMPETENCE OF SENIOR HIGH SCHOOL STUDENTS. European Journal of Foreign Language Teaching, 6(3).*
14. *Noels, K. A., Adrian-Taylor, S., Saumure, K., & Katz, J. W. (2019). Motivation and the support of significant others across language learning contexts. The Journal for the Psychology of Language Learning, 1(1), 106-141.*
15. *Symaco, L. P., & Dumanig, F. P. (2022). Education and Language in the Philippines. Rowman & Littlefield.*
16. *Toro, V., Camacho-Minuche, G., Pinza-Tapia, E., & Paredes, F. (2019). The Use of the Communicative Language Teaching Approach to Improve Students' Oral Skills. English Language Teaching, 12(1), 110-118.*
17. *Yusuf, Q., Jusoh, Z., & Yusuf, Y. Q. (2019). Cooperative Learning Strategies to Enhance Writing Skills among Second Language Learners. International Journal of Instruction, 12(1), 1399-1412.*